## Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Estate and Personal Trust Services
Public Guardian and Trustee
700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

| | |
|---|---|
| TELEPONO | **604 660 4444** |
| EMAIL | **estates@trustee.bc.ca** |
| WEBSITE | **www.trustee.bc.ca** |

---

Tawagan nang libre sa pamamagitan ng Service BC. Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (sa ibaba), hilingin na maikunekta sa Public Guardian and Trustee (regular na oras ng opisina, 8:30am-4:30pm, Lunes-Biyernes).

| | |
|---|---|
| VANCOUVER | **604 660 2421** |
| VICTORIA | **250 387 6121** |
| MGA KARATIG NA LUGAR | **800 663 7867** |

PGTBC

MARCH 2014 03-14#42
ESTATE ADMINISTRATION
SERVICES - FILIPINO

# Mga Serbisyo sa Pangangasiwa ng Ari-arian

**PGT** Public Guardian and Trustee of British Columbia

## Kapag Walang Testamento (Will)

Kapag namatay ang isang tao nang walang testamento sa BC, ang *Wills, Estates and Succession Act* (Batas sa Mga Testamento, Ari-arian at Pagpapamana) ay tinutukoy ang mga taong may karapatan na pangasiwaan ang mga ari-arian.

**Ang mga prayoridad ayon sa pagkakasunud-sunod ay:**

- ang asawa o isang taong iminungkahi ng asawa
- isang anak na may pagsang-ayon ng karamihan (majority) ng mga anak o isang taong iminungkahi ng anak na iyon
- isang anak na walang pahintulot ng karamihan ng mga anak
- isang tagapagmana na walang testamento (intestate successor) maliban sa asawa o anak, na may pahintulot ng karamihan ng mga intestate successor
- isang intestate successor maliban sa asawa o anak, na walang pahintulot ng karamihan ng mga intestate successor
- sinumang tao na isinaalang-alang ng hukuman na naaangkop na i-appoint kabilang ang Public Guardian and Trustee (PGT).

### Mga Ari-arian na Pinapangasiwaan ng PGT

Kapag walang malapit na mga kamag-anak na nakahanda at may kakayahang pangasiwaan ang responsibilidad na ito, maaaring piliin ng PGT na pangasiwaan ang mga ari-arian kung, pagkatapos naming tasahin ang ari-arian ay nakita namin na kinakailangan ang aming mga serbisyo.

Hindi pangangasiwaan ng PGT ang ari-arian kung ang tinantyang kabuuang halaga ng mga ari-arian ay hindi sapat upang mabayaran ang libing at mga gastos ng pangangasiwa at mga bayarin (fees) sa PGT.

Ang pangangasiwa sa ari-arian ay maaaring maging isang napakahabang proseso na maraming mga hakbang.

Kabilang dito ang:

- pasasaayos ng libing
- pagtukoy, pagtiyak at pangangasiwa sa mga ari-arian
- pagkuha ng awtoridad mula sa hukuman
- pagtukoy at pagbabayad ng mga balidong utang at mga paghahabol (claims) sa ari-arian
- pagbabayad ng buwis
- pagharap sa mga legal na isyu na lumitaw
- pagtukoy, paghahanap at pamamahagi ng mga natitirang ari-arian sa mga nararapat na tagapagmana na walang testamento / o mga benepisyaryo.

## Kapag Mayroong Testamento

Kapag namatay ang isang tao na may naiwang testamento, responsibilidad ng pinangalanang tagapagpatupad (executor) sa testamento na pamahalaan ang pasasaayos ng libing at pangasiwaan ang mga ari-arian. Kapag ang tagapagpatupad ay hindi maaaring kumilos at walang sinuman na (kapalit na tagapagpatupad o benepisyaryo) na pumapayag at magagawang pangasiwaan ang mga ari-arian, maaaring magbigay ang PGT ng serbisyong ito. Ang PGT ay maaari ring pangalanan bilang tagapagpatupad sa testamento. Sa alinmang kaso, ang ari-arian ay pinamamahalaan at ipinamamahagi ayon sa mga tagubilin na tinukoy sa testamento.

Sa pangangasiwa ng ari-arian, ang PGT ay nagbibigay ng dalubhasa, walang kinikilingan at propesyonal na serbisyo. Ang bawat ari-arian ay pinangangasiwaan alinsunod sa itinatag na patakaran at mga pamamaraan, kabilang ang mahigpit na pamamahala sa kung paano ang ari-arian ay mapoprotektahan, matatasa at maipapamahagi at kung paano ang pondo ng ari-arian ay pupuhunanin. Ang perang hawak ng PGT habang pinangangasiwaan ang ari-arian ay kumikita ng interes. Ang bayarin sa PGT para sa pangangasiwa ng ari-arian ay nakatakda sa pamamagitan ng regulasyon na alinsunod sa *Public Guardian and Trustee Act* (Batas para sa Pampublikong Tagapangalaga at Tagapangasiwa).

Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa Estate and Personal Trust Services na inaalok ng PGT ay matatagpuan sa aming website - www.trustee.bc.ca. Ang mga ispesipikong impormasyon tungkol sa mga bayarin sa pangangasiwa ay nasa ilalim ng heading “Fees charged by the PGT” (“Mga bayaring sisingilin ng PGT”).

Kung nais mo ng higit pang impormasyon tungkol sa Estate Administration Services na inaalok ng PGT, mangyaring tumawag sa 604.660.4444 at hilingin na makausap ang isang estate administrator o mag email sa amin sa estates@trustee.bc.ca.

*Ibinigay ng Public Guardian and Trustee ang impormasyong ito bilang serbisyong pampubliko. Ang Public Guardian and Trustee ay hindi nagbibigay ng legal na payo.*